Opisyal na
pahayagan
ng PISTON

ANG PASADA

Tomo I Blg. 1
Enero - Marso 2023

# PISTON, naghain ng anim na demands sa LTFRB at DOTr

Nitong Enero, sa magkahiwalay na pagkakataon, kabilang ang PISTON sa mga nakipagharap sa tanggapan ni LTFRB Chairman Teofilo Guadiz at ni DOTr Sec. Jaime Bautista upang i-rehistro ang mga panawagan ng mga tsuper at maliliit operator pagdating sa kahihinatnan ng ating kabuhayan.

Matatandaang batay sa inilabas na Memorandum Circular no. 2022-033 ng LTFRB noong nakaraang taon, hanggang katapusan ng Marso 2023 na lang pinapayagan makapag-renew ng Provisional Authority (PA) ang mga maliliit na pampublikong sasakyan kabilang ang mga tradisyunal at modern jeepney.

Bagama't hindi binibitawan ng PISTON ang panawagang ipawalang-bisa ang PUV Modernization Program laluna't nagdudulot ito ng phaseout, handa ang PISTON makipag-kaisa sa ibang pederasyon sa lahat ng nakasaad na panawagan.

Kaugnay nito, naghain ng anim na demands ang PISTON sa mga naturang ahensya:

1 **Itigil ang sapilitang Franchise Consolidation at ang buong kasalukuyang iskema ng PUV Modernization Program,** kabilang ang pagbasura sa Marso 2023 deadline ng mga PA ng pampublikong sasakyan. Sa halip na sapilitang palitan ang mga tradisyunal na jeepney ng mga imported na minibus, dapat magkaroon ng makatarungang transisyon sa pamamagitan ng pagsuporta at pagpapaunlad ng lokal na industriya para mag-rehabilitate at re-manufacture ng mga lumang jeepney upang magkaroon ng mas malinis na makina at mas komportableng biyahe para sa mga pasahero.

2 **Muling ibalik ang 5 taong prangkisa** sa traditional man, sa consolidated, at sa modernized.

3 **Muling paganahin ang Sale and Transfer** upang mailipat na sa pangalan ng mga operator ang mga unit na nabili nila mula sa mga nagbentang operator.

4 **Buksan ang mga rutang isinara noong pandemic na hindi pa ibinabalik.** Damang-dama ang kakulangan ng mga pampublikong sasakyan. Dapat din ibalik ang mga pinutol na bahagi ng ibang mga rutang may pasada na.

5 **Bigyan ng ayuda ang mga drayber at operator.** Ang Fuel Subsidy ay dapat deretsong mapunta sa mga tsuper at dapat may hiwalay pang ayuda ang mga maliliit na operator para makatulong sa maintenance at overhauling ng kanilang mga sasakyan.

6 **Tuloy-tuloy na suspendihin ang mga multa sa late filing ng renewal ng prangkisa** pati ang mga kaakibat na multa mula 2019 dahil sa mahabang panahong wala o halos wala pang kinikita ang mga operator dahil sa lockdown at dahil sa patuloy na pagtaas ng presyo ng mga gastusin. #

*Imbis na alisin ang VAT at excise tax sa langis...*

# Marcos Jr, nagpatupad ng VAT refund para sa mga dayuhang turista

Sa panibago na namang pagtaas ng presyo ng langis, tila sampal sa mukha ng mga tsuper at ng mamamayang patuloy na umaaray sa taas ng presyo ng bilihin ang pag-apruba ni Marcos Jr noong Enero 29 sa VAT Refund para sa mga dayuhang turistang bumibisa sa bansa.

May kakayahan naman sigurong magbayad ng VAT sa mga bilihin sa bansa ang mga dayuhang turista samantalang ang mga tsuper na inaalisan na nga ng kabuhayan, ginigipit pa ng pamahalaan dahil sa mapaniil na mga buwis sa langis.

Pitong buwan na si Marcos Jr sa puwesto at pitong buwan na ring nakabinbin sa Kongreso ang panukalang batas para suspendihin ang VAT at Excise Tax sa langis para mapababa ang presyo nito at makagaan sa ating mga bulsa.

Hanggang kailan pa ba tayo kailangang magtiis? Sama-sama nating ipanawagan sa gobyerno ang agarang pagpasa sa House Bill 400 na magtatanggal sa excise tax at VAT sa langis at iba pang produktong petrolyo. Ipanawagan din ang pagbasura sa Oil Deregulation Law! #

*Nagtataasang presyo ng langis at pagkain...*

# Gutom na ang maralita, Marcos ano na?!

Ipinagmamalaki ni Marcos Jr na 'diumano ay patuloy daw ang paglago ng ekonomiya ng bansa. Sa huling niyang ulat, nakapagtala raw ang bansa ng 7.6% GDP growth sa pagtatapos ng 2022. Ang GDP o "Gross Domestic Product" sa madaling salita, ay ang sukat ng lahat ng economic activity ng isang bansa sa isang takdang panahon.

Tandaan nating kagagaling lang natin sa pandemya. Unti-unting nagbukas ang ekonomiya nitong 2021 - 2022 kaya natural lang na bumabaha ang pagkonsumo at tumaas ang gastos ng mga tao na nagdulot ng pagtaas ng GDP.

Pero ang mahalagang tanong dito, ramdam ba ng mga mahihirap ang ipinagbubunying 7.6% GDP growth? 'Wag nating kalimutang ayon mismo sa mga datos ng gobyerno, patuloy ang pagtaas ng presyo ng bilihin, dumami ang bilang ng mga pamilyang nawalan ng ipon, at lumaki ang bilang ng mga nagtatrabaho sa impormal na ekonomiya na ang ibig sabihin ay paglobo ng kawalang katiyakan sa trabaho, pagbaba ng tunay na halaga ng sahod, at mas matinding kagutuman.

Malinaw na malayo sa sikmura ng maralitang Pilipino ang ipinagdiriwang na "ekonomiya" ni Marcos Jr.

Ano ang dapat asahan sa 2023? Kung patuloy hindi tutugunan ng biyaherong pangulo ang lumalalang kagutuman at pagbaba ng sahod ng taumbayan, lalo lang tayo mababaon sa kahirapan! #


ANG PASADA

Opisyal na pahayagan ng PISTON

Tomo I Blg. 1
Enero - Marso 2023


May tanong ka ba at gustong linawin tungkol sa PUV Modernization?

Gusto mo bang makiisa sa laban ng ating kabuhayan?


**Maaaring umugnay sa PISTON!**
Pambansang tanggapan:
940 San Diego St., Sampaloc, Manila

facebook.com/pistonphl

twitter.com/pistonph

pistonph.info@gmail.com


*Ang Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) ay pambansang pederasyon ng mga samahan at asosasyon ng mga tsuper at operator ng mga maliliit na pampublikong transportasyon gaya ng jeepney, tricycle, at UV Express.*

*Ang PISTON ay miyembro ng International Transport Workers Federation (ITF).*